## Kung hindi ka sigurado kung paano ibubukod ang iyong basura,

I-check muna ito!

### Kalendaryo ng Basura at Pagre-recycle

Naglalaman ito ng impormasyon kung paano itatapon ang mga basura at nare-recycle, mga bagay na hindi maaaring kolektahin at pangasiwaan ng lungsod, at mga tindahan na nagbebenta ng mga bag ng basura at iba pa.
Taun-taon itong ipinapamigay sa lahat ng sambahayan mula unang bahagi ng Marso.

Iklik dito para sa PDF na bersyon. ➡

Hanapin ang mga paraan ng pagbubukod gamit ang pangalan ng bagay!

### Website ng Diksyonaryo ng Pagbubukod ng Basura na "Gomisaku"

Maaari mong tingnan ang mga uri ng pagbubukod ng basura sa "Gomisaku," isang website ng Diksyonaryo ng Pagbubukod ng Basura.

https://www.gomisaku.jp/0086/

Tandaan: Hindi lang sa smartphone maaaring gamitin.

Madaling hanapin sa smartphone mo!

### Komae Garbage Sorting App

Isang app na tutulong sa iyo na tingnan ang impormasyon kaugnay sa basura gamit ang smartphone mo.
Umaasa kaming makakatulong sa iyo ang app na ito para sa pang-araw-araw na pagtatapon at pagre-recycle ng basura.

Mga pangunahing function

- Kalendaryo ng Koleksyon
- Diksyonaryo ng Pagbubukod ng Basura
- Mga Madalas Itanong
- Alert Function
- Kung Paano Magtapon ng Basura
- Notipikasyon




Kung paano mag-download

(1) I-scan ang 2D code sa kanang bahagi ng iyong smartphone o tablet.

Android na device

iOS na device

(2) Hanapin ang "Komae Garbage Sorting App" sa App Store o Google Play at i-download ito.

Tandaan: Libreng i-download. Ang user ang magbabayad a mga gastusin ng komunikasyon.

### Tingnan ang video kung paano itatapon ang plastik na basura!

### Para sa mga operator ng negosyo

Dapat pangasiwaan ng bawat tindahan, kumpanya, at iba pang negosyo ang sarili nilang basura. Gayunpaman, maaari kayong magtapon ng basura sa araw ng koleksyon ng basura ng sambahayan kung hindi bababa sa 3 bag ang dami ng ilalabas ninyong basura sa mga itinalagang collection bag para sa mga basurang may kaugnayan sa negosyo.

Sa Abril 2023, magsisimula na kaming mangolekta ng mga plastik na basura na may kaugnayan sa negosyo, pero ang itatapon na plastik na basura ay dapat katumbas ng basura ng pangkalahatang sambahayan (gaya ng lalagyan ng pagkain at inumin, atbp.).

| Uri | Bilang ng bag kada set | Medium (katumbas ng 30L) | Large (katumbas ng 45L) |
|---|---|---|---|
| Common bags for Burnable Garbage, Non-Burnable Garbage, and Plastic Waste | 10 | 1,660 yen | 2,500 yen |

**Cleaning Division, Environment Department, Komae City**

1-1-11 Iwado-Kita, Komae-shi 201-0004 Cleaning Division ng Bottle and Can Recycling Center ng Lungsod ng Komae

**Tel: 03-3488-5300 (direkta) Fax: 03-5497-7366 (direkta)**

Oras ng pagbubukas: 8:30-17:00 (maliban sa Sabado, Linggo, mga pambansang holiday at holiday sa pagtatapos ng taon at Bagong Taon)

Archive na Edisyon

Magsisimula sa April 2023 ang pagbubukod at pagkolekta ng mga plastik na basura!

# Gabay sa Pagbubukod ng Plastik na Basura

Nare-recycle kami ng mga plastik!



## Pagbabago ng Plastik mula Basura hanggang Resource

Mascot na pangkalikasan ng Komae City "Ecoma-san"

狛江市

**Cleaning Division, Environment Department, Komae City**
**Tel: 03-3488-5300 (direkta)**

Tagalog
[Inisyu noong Enero 2023]



# Magsisimula sa April 2023 ang pagbubukod at pagkolekta ng mga plastik na basura!

**Pagbubukurin, kokolektahin at ire-recyle ng Lungsod ng Komae ang mga plastik na basura para makamit ang isang decarbonized na lipunan. Hinihiling namin ang iyong pag-unawa at suporta sa pagre-recycle ng plastik.**


## Kinokolekta bilang Plastik na Basura ang mga bag, lalagyan at produktong gawa sa plastik.


**Tinatanggap ang mga plastik na may habang mas mababa sa 50 cm.**

### ■ Plastik na lalagyan at Pakete


Mga food tray, pakete at cup, bag, boteng lalagyan, boteng takip, label, tubo, Styrofoam, cushioning materials, atbp.

Itapon ang maduduming bagay bilang **Nasusunog na Basura**!





Food tray



Pakete at Cup



Bag




Boteng lalagyan






Boteng takip, Label



Styrofoam, Cushioning materials

### ■ Mga Plastik na Produkto

Mga balde, toothbrush, hanger, laruan (walang mga metal na bahagi), silicone na produkto, urethane na produkto, sponge na panghugas ng pinggan, atbp.



Mga Plastik na Produkto

**Pakilabas ang mga plastik na basurang ito gamit ang mga itinalagang collection bag.**

Tandaan: Hangga't maaari, pakisauli ang mga food tray, atbp. sa tindahan kung saan mo nabili ang mga ito para makolekta.



## Kung paano pagbubukurin ang plastik na basura

Magsimula

Gawa nang buo sa plastik → **Oo** → Mas mababa sa 50 cm ang laki → **Oo** → Walang dumi o amoy → **Oo** → Pakitapon ito bilang **Plastik na Basura.**

- Gawa nang buo sa plastik → **Hindi** → Itapon bilang **Nasusunog na Basura** o Hindi **Nasusunog na Basura.** Tandaan: Ang mga bagay na higit sa 50 cm ang laki ay **Malalaking Basura**.
- Mas mababa sa 50 cm ang laki → **Hindi** → Pakitapon ito bilang **Malalaking Basura.**
- Walang dumi o amoy → **Hindi** → Itapon bilang **Nasusunog na Basura** o Hindi **Nasusunog na Basura.**

## Kung paano itatapon ang plastik na basura

Pakilabas lamang ang malilinis na mga plastik na bagay.



Tandaan!






**Hwag mag-double bag dahil makakaantala ito sa proseso ng pagbubukod!**

## Mga bagay na hindi maaaring itapon bilang Plastik na Basura

- Mga bagay na may mga materyal maliban sa plastik ➡ **Hindi Nasusunog na Basura**




Mga laruan na may metal, Mga gunting, Mga hanger na may meta, Mga mouse ng computer, Mga extension cord

- Mga bagay na may dumi at amoy na hindi maalis ➡ **Nasusunog na Basura**




Maruruming food tray, Mababahong cup na lalagyan, Mga lalagyang hindi nalilinis

- Mga bagay na higit sa 50cm ➡ **Malalaking Basura**



- Iba pang item



Mga video tape at cassette tape ➡ **Nasusunog na Basura**

# Plastik na basura ba ito!?
# Listahan ng mga nakakalitong basura kapag nagbubukod

**Kahit gawa ito sa plastik,**

### Mga bagay na gumagamit ng kuryente o baterya ay Maliliit na Kasangkapan at Metal

Mga bagay na gumagamit ng kuryente o baterya, pakitapon ang mga ito bilang maliliit na kasangkapan at metal.


### Pakitapon ang mga PET na bote, bilang PET na Bote.

Mga plastik ang mga PET na bote, pero kung kokolektahin at ire-recycle ang mga PET na bote lang, maaari itong maging dekalidad na raw material at maaaring gawing PET na bote at damit. Samakatuwid, pakilagay ang mga PET na bote sa araw ng pagkolekta sa mga PET na bote tulad ng dati. Karagdagan pa, ang mga takip at label ay mga plastik na basura.

### Ang mga bagay na hindi kasya sa itinalagang collection bag ay Malalaking Basura.

Ang mga bagay na 50 cm pataas ang haba ng isang gilid, o 5 kg pataas ang bigat ay Malalaking Basura. Pakikontak ang Cleaning Division sa telepono o fax.

Karagdagan pa, maaaring itapon ang mahahabang plastik na basura (gaya ng mga trapal, lubid, hose) bilang plastik na basura kung pwede itong gupitin sa 30 cm square o 30 cm ang haba. (Kung hindi malalaking basura ang mga ito.)


次の理由で収集できません

| | |
|---|---|
| | 指定収集袋(可燃・不燃)で出してください。 |
| | 事業系の指定収集袋で出してください。 |
| | 袋の口が縛れる量で出してください。 |
| | 一度に出せる袋の数を超えています。(家庭用一世帯5袋・事業系3袋以内) |
| | 分別して出してください。 |
| | 資源物はコンテナに入れて出してください。 |
| | 中身を出してください。 / ヒモで縛ってください。 |
| | 古布でわた入り製品(衣類以外)・マット・カーペットは収集できません。 |
| | 粗大ごみ(予約制)の申し込みをして、指定収集日に出してください。 |
| | 粗大ごみシールを貼ってください。 |
| | 粗大ごみ手数料が不足しています。 |
| | 収集日が違います。 |
| | 一番長い辺が50cm以上のものは収集できません。 |
| | 袋からはみ出しているものは収集できません。 |
| | |


狛江市ごみ・リサイクルカレンダーでご確認ください。
お問い合わせ
狛江市　清掃課
電話　03-3488-5300

**Kung hindi mo maayos na ibubukod ang iyong basura,**

Aabisuhan ka sa pamamagitan ng isang Notice Sticker na ididikit sa panahon ng koleksyon. Pakibukod muli ang mga ito at pakilabas sa susunod na araw ng koleksyon.

**Paano kung gawa ito sa pinaghalong plastik at iba pang materyal?**


| Plastik + Metal | Plastik + Kahoy | Plastik + Baso |
|---|---|---|
| ↓ | ↓ | ↓ |
| **Hindi Nasusunog na Basura** | **Nasusunog na Basura** | **Hindi Nasusunog na Basura** |
| [Halimbawa] Sandok, spatula, atbp. | [Halimbawa] Frame na gawa sa kahoy, atbp. | [Halimbawa] Mga salamin na may lente, atbp. |


Tandaan: Ang mga matatalim tulad ng gunting at cutter ay mga **Hindi Nasusunog na Basura**!




# Mga Madalas Itanong Q&A




**Q** Ano ang itinuturing na maruming bagay?

**A** Ang mga bagay na may pagkain, atbp na maaaring makaakit ng mga insekto at amagin. Kung malagkit at mabaho ito, pakitapon ito bilang **Nasusunog na Basura**.



**Q** Bakit hindi ako pwedeng maglagay ng maruruming bagay?

**A** Kung maglalagay ka ng maruruming bagay, kakalat ang dumi at hindi na mare-recycle ang ibang plastik na basura.



**Q** Gaano ko dapat linisin ang mga bagay?

**A** Ubusin ang laman at bahagya itong banlawan ng tubig.


**Q** Sa anong uri basura ko dapat ilagay ang snack bag na silver ang kulay ng loob?

**A** Itinuturing na plastik na lalagyan at pakete kahit ang mga bagay na silver ang kulay kung mayroon itong marka na plastik sa bag, kaya pakitapon ang mga ito bilang **Plastik na Basura**.
Itapon ang napakamaruruming bagay bilang **Nasusunog na Basura**.




**Q** Dapat ko bang alisin ang mga sticker ng presyo sa mga lid o wrap ng Bento box?

**A** Hindi mo kailangang pilit na alisin ang mga ito, pero pakialis ang mga madaling matanggal.



**Q** Sa anong basura ang aluminum foil o plastic wrap?

**A** Pakitapon ang aluminum foil bilang **Hindi Nasusunog na Basura**, at pakitapon ang wrap bilang **Plastik na Basura** kung malinis ito.




**Q** Anong mangyayari sa koleksyon ng Styrofoam at mga food tray?

**A** Pakitapon ang Styrofoam at mga food tray bilang **Plastik na Basura**.

**Q** Pwede bang itapon bilang plastik na basura ang mga damit na gawa sa mga synthetic fiber o balat, atbp?

**A** Para sa mga damit, pakilagay ang mga ito sa **Lumang Damit**.




## Pamamaraan (Proseso) ng Pagre-recycle

Inire-recycle ang mga plastik na lalagyan, pakete at produkto sa mga sumusunod na paraan:

### 01 Koleksyon
Mangolekta ng mga plastik na basura mula sa bawat sambahayan.

### 02 Transshipment
Ikarga sa mas malalaking sasakyan para sa organisadong paglilipat sa mga intermediate treatment facility.



### 03 Intermediate treatment
Ginagawang mga resource ang mga plastik sa mga pasilidad sa pagre-recycle ng plastik.





Manu-manong alisin ang hindi angkop na mga bagay.



I-compress at balutin.

*Larawan: Clean Center ng Lungsod ng Hino, Pasilidad sa Pagre-recycle ng Plastik

### 04 Paghahatid
Ibigay ito sa mga operator ng negosyo bilang resource para i-recycle.



Pallet




Solid Fuel (RPF)

- Mga raw material ng plastik gaya ng polyethylene (PE) at polypropylene (PP)
- Power generation (Thermal recycling), atbp.

Idineklara ang Lungsod ng Komae na "Lungsod na Walang Carbon" noong Abril 2021. Kinakatawan nito ang aming pangako na maging isang decarbonized na lipunan na naglalayong makamit ang walang carbon emission (carbon neutrality) sa 2050.
Magsisimula kaming mangolekta ng mga plastik na basura at i-recycle ito gamit ang intermediate treatment.
Nagpapasalamat kami sa iyong kooperasyon.



## Gamitin ang itinalagang collection bag para ilabas ang iyong mga basura.

# Mula Abril 2023
# Nasusunog na Basura, Hindi Nasusunog na Basura, at Plastik na Basura
# Karaniwan (1 uri)





**Plastik na Basura**

Pakilagay ang inyong basura sa collection point o itinalagang lugar bago ang **8:00 a.m.**

**Kinokolekta ang plastik na basura ng isang beses kada linggo.**

Tandaan: Magkakaiba ang araw ng koleksyon ng basura sa bawat lugar.

## Itinalagang Collection Bag



Pareho lang ang mga itinalagang collection bag para sa mga plastik na basura na nasusunog at hindi nasusunog, at magiging available sa mga sumusunod na laki at presyo mula Pebrero 2023.

| Uri | Bilang ng bag kada set | Mini (katumbas ng 5L) | Small (katumbas ng 10L) | Medium (katumbas ng 20L) | Large (katumbas ng 40L) |
|---|---|---|---|---|---|
| Parehong bag para sa Nasusunog na Basura, Hindi Nasusunog na Basura, at Plastik na Basura | 10 | 100 yen | 200 yen | 400 yen | 800 yen |

**Sa ngayon, maaaring itapon ang mga Plastik na Basura sa mga bag na para sa Hindi Nasusunog na Basura.**

Kahit pagkatapos ng Abril 2023, maaaring itapon ang mga plastik na basura sa mga itinalagang collection bag para sa hindi nasusunog na basura.

**Nakaiskedyul na ibenta ang mga itinalagang collection bag para sa plastik na basura mula Pebrero 2023.**